Profiles ng pitong welgistang pinaslang sa Hacienda Luisita noong 16 Nobyembre 2004

ni Lisa Ito

Jhaivie R. Basilio

Sa murang edad na 20 anos, si Jhaivie Basilio ang pinakabata sa mga martir ng Hacienda Luisita.

Pansamantalang tumigil sa kolehiyo si Jhaivie matapos mamatay ang kaniyang ama, anim na buwan pa lamang ang nakalilipas. Namasukang pansamantala bilang part-time na manggagawa sa Central Azucarera de Tarlac si Jhaivie, naglilinis ng tubo kada Lunes. Ayon ng kanyang ina na si Violeta, taong-bahay si Jhaivie. Gitara at gawaing-bahay ang laging pinagkakaabalahan, bihirang lumuwas kung hindi naman kinakailangan.

Minsa'y lumabas si Jhaivie nang siya'y inimbitahang sumama sa piket ng kaniyang mga kaibigan. Dahil sa halos lahat ng kabataan ng kaniyang barangay ay mga anak o kamag-anak ng mga manggagawang-bukid ng asyenda, hindi naging mahirap para kay Jhaivie na mamulat sa pakikibaka ng mga manggagawa at manggagawang-bukid ng Luisita. Naging kasapi rin ng militanteng organisasyon na Anakbayan.

Mula sa kaniyang dating pagiging taong-bahay, sa piketlayn na siya naglagi bilang pahiwatig ng kaniyang pakikiisa sa layunin ng welga. Sa huli, ay nagpursige siyang lumahok at lumaban sa layuning wakasan ang kasalatan sa kabuhayan ng kaniyang mga kababayan.

Adriano Caballero

Sa Hacienda Luisita isinilang, nagkamalay, nanilbihan, at namulat si Adriano Caballero Jr. Nagtratrabaho sina Caballero at ang kanyang ama bilang mga caddie sa eksklusibong Golf Course ng mga Cojuangco. Manggagawa naman ang kaniyang kapatid sa Central at kasapi ng CATLU.

Tulad rin ni Jhaivie, maagang nalagot ang buhay ni Caballero nang siya'y paslangin sa edad na 23.

Jhune David

Nagmula sa pamilya ng manggagawang-bukid si Jhune David, taga-Brgy. Cutcut, 27 taong gulang, may asawa at isang anak. Manggagawang-bukid ng asyenda ang kaniyang yumaong ama, gayon din ang tatlo sa kanilang 10 magkakapatid.

18 taong gulang nang siya'y magsimulang magtrabaho sa tubuhan. Siyam na taong siyang naglingkod sa

azucarera ng mga Cojuangco at sa panahong ito ay na-organisa at naging kasapi ng ULWU hanggang sa kanyang pagkakapaslang.

Jesus Laza

Rehistradong manggagawang-bukid mula 1984 hanggang 1990, kasapi ng ULWU, at deklaradong stockholder si Jesus Laza. Ngunit ‘di ito sapat upang maibsan ang kahirapan, at naging dahilan kung bakit niya minsang nilisan ang pook na pinagmulan upang makipagsapalaran sa Maynila. Pagbalik muli sa hacienda noong 1991 ay nagtrabaho siya bilang sacada at nagbenta ng tinapa tuwing kabyawan.

Mahigit isang dekadang naglako ng pagkain sa mga bus na byaheng San Fernando-Tarlac si Laza nang magpasiyang balikan ang asyendang iniwanan. Sa halip na sa mga pampasaherong bus ay sa piketlayn ng Gate 1 na siya nagbenta ng pagkain, kapiling ang kaniyang pamilyang pawang manggagawang-bukid din. Sa pook na ito siya pinatay, ilang metro lamang mula sa ospital ng azucarera kung saan siya isinilang.

Juancho Sanchez

Pangkolehiyong estudyante sa state university ng Tarlac si Juancho Sanchez nang magpasiyang tumigil pansamantala at mamasada ng pampasaherong dyip upang tustusan ang pag-aaral ng dalawang nakababatang kapatid na babae.

Prinsipyado, mabait at walang-bisyo, iyon ang pagkakakilala sa kaniya ng mga tao. Aktibong kasapi ng Christian Youth Fellowship at ulirang anak si Juancho, ani ng kanyang ama na si Rev. Gabriel Sanchez, dating manggagawang-bukid at pastor ng United Church of Christ in the Philippines. Bagama’t hindi siya manggagawa ng hacienda ay bukas-loob siyang sumuporta sa welga dahil dama niya ang kakapusan sa kabuhayan na nagudyok sa kanila na tuluyang umalma.

Huling namasada si Juancho sa umaga ng ika-16 ng Nobyembre. Pagkatapos maghapunan sa kanilang tirahan sa Brgy. Balite ay nagpaalam sa ama na mauuna siyang pumunta sa piketlayn. Iyon ang huling pagkakataon kung saan makikita ni Pastor Sanchez na buhay ang kaniyang pinakamamahal na anak.

Jaime Pastidio

Katulad ni Jhune David, residente rin ng Brgy. Motrico, La Paz si Jaime Pastidio at nagmula sa isang pamilya kung saan ang tubuhan ang asyenda ang primaryang pinagmumulan ng kabuhayan. Namasukan bilang manggagawang-bukid ang kaniyang yumaong ama, pati na rin ang tatlo sa kanilang walong magkakapatid.

Unang namasukan sa asyenda si Pastidio noong 1974. 46 taong gulang at may asawa, magtatatlong dekada nang nagtratrabaho si Pastidio bilang manggagawang-bukid nang siya’y pinatay ng berdugong at

bayaring militar ng pamilya Cojuangco.

Jessie Valdez

Ka-barangay ni Caballero si Jessie Valdez, 30 taong gulang at may asawa. Namasukan bilang manggagawa si Valdez sa iba't ibang kumpanya tulad ng Sanyo, UFC, at Kawasaki, ngunit sa kalakhan ay nanatiling manggagawang-bukid ng Hacienda Luisita.

Marami pa ang napaslang pagkatapos ng masaker, kabilang dito sina Ka Marcelino Beltran noong ika-8 ng Disyembre 2004, Councilor Abel Ladera noong Marso 3 2005, Fr. William Tadena noong Marso 13 2005, Presidente ng Central Azucerera de Tarlac Labor Union, Ricardo Ramos, noong Oktubre 25, 2005, Tirso Cruz noong Marso 17, 2006, at Bishop Alberto Ramento, ika-9 na Supreme Bishop ng Iglesia Filipina Independiente, noong Oktubre 2006.